# PAGTITIWALA SA MGA PANGAKO NG DIYOS

A Lord's Flock Worship Service Topic
Ni: Bro. Bobby Rodriguez, Elder-Founder
Marso 08, 2025

Bilang taga-sunod ni Hesukristo, tinawag Niya tayong maglakbay nang may pananampalataya. Ipinangako Niyang ibibigay Niya ang lahat ng ating pangangailangan (Isa.55:11; 2Cor.1:20). Habang hinihintay natin ang tugon sa ating mga panalangin, dapat gawin pang mas malalim ang ating relasyon sa Diyos at tuklasin ano ang gusto Niyang umunlad sa atin.




**1.May mga katotohanang gagabay sa atin:**

**1.1 NAIS ng Diyos na matugunan ang ating mga pangangailangan.** Pinetisyon Niyang hingin natin ang ating mga kailangan. "At ang kapayapaan ng Diyos ang mag-iingat ng iyong puso at pag-iisip sa pamamagitan ni Kristo (Filipos 4:6-7). Pumayag ang Diyos na mamatay si Hesuskristo upang tayo'y maligtas. "Anumang hingin natin na naaayon sa Kanyang kalooban ay Kanyang pakikinggan (1Jn 5:14-15).

**1.2. ALAM ng Diyos ang ating pangangailangan** (Fil. 4:6). Ang kaalaman ng Diyos ay higit sa ating kaalaman. Ang layunin ng ating panalangin ay hindi para ipaalam ang ating pangangailangan kundi ipaalam na kailangan natin Siya. Hintayin natin ang takdang oras, sa Kanyang oras, dahil magagawa Niyang maganda ang lahat ng bagay.

**1.3 KAYA ng Diyos na matugunan ang ating pangangailangan.** Siya ang nagplano ng mga solusyon, nag-ayos ng mga kaganapan, at magbibigay ng kasagutan sa takdang oras (Mateo 7:7). Gaano man kalaki ang problema, higit na malaki ang Diyos.

**2. Ano ang dapat gawin kung ang mga panalangin natin ay hindi natugunan?**

2.1. Pagkakaiba ng PANGANGAILANGAN sa KAGUSTUHAN: Ang PANGANGAILANGAN ay mahalaga upang makamit ang layunin sa ating buhay - pagkain, damit at masisilungan (Fil. 4:19). Ang mga KAGUSTUHAN ay hangarin lamang para sa ating kasiyahan.

2.2. Unawain na may isang kondisyon. "Datapwat hanapin muna ninyo ang Kanyang kaharian at ang Kanyang katwiran…at ang lahat ng bagay ay ibibigay sa inyo" (Mt. 6:31-33).

2.3 Magalak tayo sa ating Ama. "Sa Diyos mo hanapin ang kaligayahan, at ang pangarap mo'y iyong makakamtan" (Awit 37:4). Huwag magmataas; huwag umasa sa kayamanan, kundi sa Diyos na masaganang nagkakaloob (1Tim 6:17).

2.4. Alamin saan nagmumula ang ating pangangailangan. Ilan sa ating mga nais ay maaaring resulta ng ating maling pagpili. Maaaring hindi muna ibigay ng Diyos ang kasagutan para maturuan tayo ng aral at maprotektahan Niya tayo.

2.5. Alamin ang ating resposibilidad:

-HUMINGI ng tulong sa Diyos. Maaring hindi tayo humihingi o mali ang ating motibo (Santi 4:2-3).

-MAGHINTAY sa Diyos upang tugunan ang ating pangangailangan. Huwag manguna sa pag-aayos at baka lalong maging magulo.

-GAWIN ang eksaktong utos ng Diyos. "Ipagtatanggol kayo ng Panginoon, wala kayong gagawing anuman" (Exo 14:14). Walang hindi ibibigay ang Diyos kung ito ay galing sa ating puso, at walang ibang masasaktan.

**3. Kailangan nating maunawaan ang prayoridad ng Diyos:**

3.1. Nakikita Niya ang buong larawan mula sa malaking *vantage point*. Sinasanay Niya tayo para sa kanyang layunin.

3.2. Relasyon. Ina-anyayahan tayo ng Diyos na maging malapit sa Kanya.

3.3. Kawangis ni Kristo. Gumagamit ang Diyos ng kahirapan upang mabuo ang ating pagkatao ayon sa Kanyang imahe.

3.4. Ang mga naantalang sagot ay nangangailangan ng pananalig. Lumago sa pananalig, panalangin at buhay komunidad. Huwag lumiban ng pagdalo sa gawain ng Diyos.

**KONKLUSYON**: Ibinibigay ng Diyos ang lahat ng ating mga pangagailangan (hindi ang ating mga kagustuhan) ayon sa Kanyang kalooban.

**PAGNINILAY**: Ano ang gagawin mo kung ang pangangailangan mo ay hindi pa rin natugunan?

**SCRIBES Ministry:**
**Isinalin ni:** Sis. Thess P. Sarmiento
**Na-edit ni:** Sis Nida Cruz
**https://lordsflock.org/teachings/digests**
Tags: #Pagtitiwala#Pangako ng Diyos